{Isinumpa ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang babaing nagdudugtong ng buhok at ang babaing nagpaparugtong ng buhok at ang babaing nagtatato at ang babaing nagpapatato.}

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Isinumpa ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang babaing nagdudugtong ng buhok at ang babaing nagpaparugtong ng buhok at ang babaing nagtatato at ang babaing nagpapatato.}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Dumalangin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagsumpa at pagtaboy at pagpapalayo mula sa awa ni Allāh (napakataas Siya) sa apat na klase: A. Ang babaing nagdudugtong sa sarili niya o sa iba pa sa kanya ng ibang buhok; B. Ang babaing nagpaparugtong sa pamamagitan ng paghiling sa iba pa sa kanya na magdugtong sa buhok niya ng ibang buhok; C. Ang babaing nagsasagawa ng pagturok ng karayom sa isang lugar ng katawan gaya ng mukha o kamay o dibdib at paglalagay ng pangkulay ng kohl o tulad nito sa balat nang sa gayon magkulay bughaw ang bakas nito o magkulay luntian bilang paghahangad ng gayak at karikitan. D. Ang babaing nagpapatato na humihiling na gawin sa kanya ang pagtatato. Ang mga gawaing ito kabilang sa malalaki sa mga pagkakasala.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/58099